

Checklist para sa pag-iwas sa pagkalat ng COVID-19 sa Lugar ng Trabaho

1. Nilalayon ng checklist na ito na tiyakin kung ang mga aktibidad sa lugar ng trabaho ay **angkop at sapat na umaalinsunod sa mga pangunahing hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.**
2. Maaaring hindi akma ang ilang mga item sa lahat ng mga uri ng industriya, trabaho o propesyon. Ang anumang sagot na "hindi" sa ilang mga katanungan ay hindi palaging nangangahulugan na ang mga hakbang ay hindi naaangkop o hindi sapat. Mahalagang suriin ang aktwal na sitwasyon ng iyong lugar ng trabaho at isama ang **lahat ng mga manggagawa sa pagsagawa ng bawat praktikal at pang-iwas na mga aksyon.**
3. Siguraduhing iulat ang resulta ng pagsusuri sa **Komite ng Kalusugan** para sa pagtatalakay at pagpapabuti kung may anumang item na tila hindi angkop o hindi sapat. Mahalaga rin na **ang mga resulta ay isiwalat sa lahat ng mga manggagawa.** Sa mga lugar ng trabaho ng walang Komite ng Kalusugan, hinihiling sa mga empleyado magsuri at magrepasso nang sarili.
*Ang mga resulta ay hindi kailangang isumite sa Opisina ng Mga Inspektor o sa Kawanihan ng Paggawa ng Prepektura.

	Mga Item	Mangyaring Sagutin
1	Pamamahala ng Organisasyon	
	• Ang may-ari ng negosyo ay nagpahayag ng patakaran upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, kung saan binibigyang-diin ang kahalagahan ng pag-iwas nito sa mga manggagawa.	Oo/Hindi
	• Itinatalaga sa lugar ng trabaho ang isang tao na responsable sa pag-iwas ng mga nakahahawang sakit at pati na rin mga taong mananagot sa pagpapatakbo ng mga hakbang katulad ng Opisyal ng Kalusugan at Tagapagtaguyod ng Kalusugan ng kompanya.	Oo/Hindi
	• Ipapaalam sa lahat ng mga manggagawa ang mga patakaran at tuntunin ng kompanya sa pag-iwas sa COVID-19.	Oo/Hindi
	• Tinuturuan ang mga superbisor o foreman sa paggabay sa mga manggagawa na gawin ang mga kilos ng pag-iwas sa impeksyon.	Oo/Hindi
	• Ang Komite sa Kaligtasan at Kalusugan, and Komite sa Kalusugan, o isang komite ng mga tega-empleyo at mga empleyado ay magsusumikap na talakayin ang mga praktikal na hakbang upang maiwasan ang COVID-19 sa lugar ng trabaho.	Oo/Hindi
	• Ipapaalam sa lahat ng mga manggagawa ang pagsasagawa ng mga gawi at kilos ng "Limang Sitwasyon Kung Saan Maaring Tumaas ang Posibilidad ng Pagkakaroon ng COVID-19" at "Bagong Paraan sa Pamumuhay" sa kanilang pang-araw-araw na buhay sa labas ng kompanya.	Oo/Hindi
2	Mga pangunahing hakbang sa pagprotekta sa mga manggagawa	
1)	Tatlong pangunahing mga pamprotektang hakbang para sa mga manggagawa: i) Paglagay ng distansya mula sa ibang tao, ii) pagsusuot ng mask, iii) paghuhugas ng kamay	
	• Magsumikap na magkaroon ng distansyang dalawang metro, o hindi kukulangin sa isang metro mula sa ibang tao	Oo/Hindi
	• Iwasan ang pakikipag-usap at pagsasalita nang harapan na direkta sa mukha ng ibang tao.	Oo/Hindi
	• Magsuot ng mask sa anumang oras, saanman, lalong-lalo na kung nakikipag-usap sa ibang tao. *Pumunta rin at basahin ang No. 6 kung may panganib sa heatstroke.	Oo/Hindi
	• Hugasan ang kamay ng sabon at umaagos na tubig (kung hindi man, gamit ang mabisang sanitizer ng kamay) sa naaangkop na paraan nang hindi kukulangin sa 30 segundo.	Oo/Hindi
	• Iba pa: Mangyaring banggitin. _____	Oo/Hindi

Mga Item	Mangyaring Sagutin
2) Lubusang iwasan ang "3C"	
<ul style="list-style-type: none"> • Ipaalam sa lahat ng mga manggagawa na iwasan ang mga sitwasyong "3C" na ibig sabihin ay Crowded places: mga matataong lugar); Close contact - malapitang kontak sa ibang tao; Closed spaces (mga lugar na sarado sa hangin sa labas, at utusan sila na iwasan ang mga sitwasyong ito sa trabaho pati na sa pang-araw-araw na buhay. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	Oo/Hindi
3) Regular na pagsusuri sa mga kondisyon ng kalusugan	
<ul style="list-style-type: none"> • Hilingin sa lahat ng mga manggagawa na sukatin ang temperatura ng sarili nilang katawan upang matiyak na normal ito bago sila pumunta sa trabaho. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Tanungin ang lahat ng mga manggagawa sa simula ng trabaho kung mayroon silang anumang mga hindi pangkaraniwang sintomas tulad ng lagnat, pananamlay at iba pang mga sintomas na parang sinisipon, at pagkawala ng pang-amoy o panlasa. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Hikayatin ang sinuman na magreklamo kung pakiramdam nila na may sakit sila at papahingain sila sa bahay. Tiyakin na ang tapat na pagsasabi ng totoong kalagayan ng katawan at pagpapahinga kung may sakit ay hindi magreresulta sa disbentaheng pagtrato ng empleyadong iyon. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	Oo/Hindi
4) Pamamahala sa kalusugan sa trabaho	
<ul style="list-style-type: none"> • Iwasan ang mahabang oras ng pag-obertaym at iba pang mga kadahilanan ng naipon na pagkapagod. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Hinihiling sa lahat ng mga manggagawa na malaman at magkaroon ng kamalayan sa sapat na nutrisyon at pagtulog. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	Oo/Hindi
5) Pagsasagawa sa mga gawi ng "bagong istilo ng trabaho" sa konteksto ng "bagong pamumuhay".	
<ul style="list-style-type: none"> • Simulan ang "teleworking" o "pagtatrabaho sa paraang pagrorotasyon". 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Simulan ang "staggered na oras ng pagtrabaho". 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Simulan ang "mas malawak na espasyo ng opisina" na may mas kaunting mga manggagawa sa loob para mas lumuwang ang espasyo. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Simulan ang "online na pagpupulong." 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Simulan ang "pagpapalitan ng mga business card online." 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Simulan ang "gawi ng madalas na bentilasyon at pagsusuot ng mga mask sa mga harapang pagpupulong." 	Oo/Hindi
6) Pagkolekta ng impormasyon sa COVID-19	
<ul style="list-style-type: none"> • Regular na mangolekta ng impormasyon sa pamamagitan ng website ng pambansang pamahalaan at mga lokal na pamahalaan, ng Japanese Society of Travel and Health (Samahan para sa Paglalakbay at Pangkalusugan ng Hapon), ng Japanese Society for Occupational Health (Samahan para sa Kalusugan sa Trabaho ng Hapon), at iba pang mga pang-akademikong samahan na may mataas na interes sa kabutihan ng publiko. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	Oo/Hindi

Mga Item	Mangyaring Sagutin
3 Mga praktikal na hakbang upang maiwasan ang COVID-19	
1) Mga pangunahing hakbang sa proteksiyon	
<ul style="list-style-type: none"> • Iwasan ang pag-organisa ng mga kaganapan na maaaring mayroon ng lahat ng "3 Cs," ibig sabihin, 1) Crowded places: mga matataong lugar), 2) Close contact - malapitang kontak sa ibang tao na may mga pag-uusap at malalakas na boses, at 3) Closed spaces (mga lugar na sarado sa hangin sa labas) na may mahinang bentilasyon. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Pagsikapang iwasan ang alinman sa "3 C" na binanggit sa itaas upang mabawasan ang peligro ng pagkalat. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	Oo/Hindi
2) Interbensyon sa mga lugar na sarado sa hangin sa labas na may mahinang bentilasyon	
<ul style="list-style-type: none"> • Kung sakaling ang gusali ay mayroong mekanikal na sistema ng bentilasyon, ang kalidad ng panloob na hangin ay dapat tumutugon sa mga pamantayang inaatas ng Batas sa Pagpapanatili ng Kalinisan sa mga Gusali at mga regulasyon na nauugnay dito. (Subalit, mas makabubuti kung pananatilihing 18°C o higit pa ang temperatura.) 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Kung bubuksan ang mga bintana sa gusali, sinusunod ang nakasaad sa leaflet tungkol sa "Paraan ng Pagpapabuti ng Bentilasyon sa Isang Kulob o Saradong Silid sa Isang Malamig na Lugar" habang pinapanatili ang 18°C o higit pa na temperatura at humidity na 40% o higit pa sa loob ng isang silid upang mapainam ang bentilasyon. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	Oo/Hindi
3) Interbensyon sa mga matataong lugar	
<ul style="list-style-type: none"> • Pagsikapang bawasan ang bilang ng mga manggagawa na pumapasok sa opisina depende sa mga uri ng negosyo. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Upang iwasan ang malapitang kontak sa ibang tao sa mga tren, bus at iba pang pampublikong transportasyon, simulan ang staggered na oras ng trabaho, pagbibiyaha sa pamamagitan ng bisikleta o mga pribadong kotse. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Simulan ang mga video conference o mga pagpupulong sa web upang maiwasan ang mga hindi kinakailangang pagpupulong nang harapan. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Sa mga pagpupulong nang harapan, magsuot ng mga mask, panatilihin ang distansya ng dalawang metro, o kahit isang metro sa ilalim ng mga pinaghihigpitang sitwasyong kasama ang ibang mga tao, at pagsikapang iwasang humarap sa mukha ng ibang tao. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Sa mga pakikipag-usap nang harapan na kinakailangan para sa negosyo, ang mga manggagawa ay dapat magsuot ng mga mask, at dapat ilagay ang transparent na PVC/PO sheet o acrylic plate sa harap ng mga manggagawa. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Hikayatin ang mga manggagawa na magsuot ng mask, panatilihin ang mahusay na bentilasyon at panatilihin ang pisikal na distansya upang maiwasan ang "3 C" sa labas ng opisina. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	Oo/Hindi
4) Pag-iwas sa nakakahawang impeksyon	
<ul style="list-style-type: none"> • Pagsikapang iwasan ang paghihiraman ng mga supply at kagamitan sa opisina tulad ng mga telepono, kompyuter at mesa, at mga jig at tool. Hugasan ang mga kamay o gumamit ng hand sanitizer bago at pagkatapos ipahiram ang mga item na iyon. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Kung "free adress" o malayang nakapipili ng puwestong pwedeng gawin ang trabaho sa opisina, ang pagsa-sanitize, pagkakaroon ng sapat na distansya sa pagitan ng dalawang upuan, at pagkakaroon ng talaan, ay isinasagawa. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Madalas na linisin ang mga kagamitan na ginagamit ng nakararami sa opisina o planta tulad kasama na ang mga jig at tools, gamit ang alcohol (60% o higit pa), surfactant o Sodium hypochlorite na may 0.05% solusyon. * Ang pag-spray ng isteriliser o sanitizer sa hangin ay hindi inirerekomenda dahil ang kilos na ito ay maaaring maging sanhi ng masamang epekto sa kalusugan ng mga tao sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagdikit nito sa mga mata o balat, o paglanghap nito. 	Oo/Hindi
<ul style="list-style-type: none"> • Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	Oo/Hindi

Mga Item	Mangyaring Sagutin
5) Pag-iwas sa pag-uusap o pagsasalita nang malapitan	
• Panatilihin ang pisikal na distansya nang hindi gumagamit ng malakas na boses kapag nakikipag-usap sa ibang tao sa lugar ng trabaho.	Oo/Hindi
• Pagsikapang iwasan ang mga di-kinakailangang harap-harapan na pagpupulong o malapitang pag-uusap sa mga bisita, kustomer at kasosyo sa negosyo.	Oo/Hindi
• Kung hindi maiiwasan ang hindi paggamit ng mask kapag may kausap na isang metro lamang ang distansya, limitahan ang pag-uusap hanggang sa 15 minuto lamang.	Oo/Hindi
• Patuloy na magsuot ng mga respirator/gask mask na inaatas ng mga batas upang maiiwasan ang pagkakalantad mula sa alikabok o singaw ng kemikal, kahit na sa panahon ng pasalitang komunikasyon. Inirerekomenda ang mga respirator na may speaking diaphragm o mga loudspeaker.	Oo/Hindi
• Iba pa: Mangyaring banggitin. _____	Oo/Hindi
6) Paglilinis ng mga banyo o kubeta na ginagamit ng lahat	
• Regular na magpunas upang maglinis gamit ang sanitizer, lalo na sa mga ibabaw na madalas na hawakan ng mga tao.	Oo/Hindi
• Linisan ang sahig at dingding gamit ang 0.1% sodium hypochlorite na solusyong-tubig, habang suot ang mga guwantes.	Oo/Hindi
• Ipaalam na mag-flush ng tubig pagkatapos isara ang takip ng kubeta.	Oo/Hindi
• Lagyan ang banyo ng mga paper towel o pagamitin ang mga manggagawa ang kanilang sariling mga tuwalya.	Oo/Hindi
• Itigil ang pagpapa-andar ng mga dryer ng kamay, at pagbawalan ang paggamit ng iisang tuwalya para sa nakararami.	Oo/Hindi
• Iba pa: Mangyaring banggitin. _____	Oo/Hindi
7) Mga silid-pahingaan	
• Bawasan ang bilang ng mga manggagawa sa silid-pahingaan. Hilinging huwag silang umupo nang nakaharap nang direkta sa ibang tao kung kumakain o nag-uusap, at huwag manatili ng matagal sa loob ng silid.	Oo/Hindi
• Pagsikapang panatilihin ang mahusay na bentilasyon sa silid-pahingaan.	Oo/Hindi
• Regular na magpunas upang maglinis gamit ang sanitizer, lalo na sa mga ibabaw ng bagay na palaging ginagamit ng maaming tao, katulad ng mga mesa, upuan pati na rin mga pindutan ng vending machine.	Oo/Hindi
• Hiligin na maghugas ng kamay o gumamit ng hand sanitizer bago at pagkatapos gumamit ng silid-pahingaan.	Oo/Hindi
• Upang maiiwasan ang mga pagkakataon ng malapitang kontak sa mga cafeteria ng kompanya, limitahan ang mga upuan o panatilihin ang distansya sa pagitan ng mga upuan o payagan ang iba't ibang na oras ng tanghalian ng mga manggagawa upang maiiwasan ang sitwasyon na may maraming tao.	Oo/Hindi
• Upang maiiwasan ang pagkalat ng nakahahawang impeksyon sa mga cafeteria ng kompanya, hilinging huwag mahiraman ng mga tongs at bote ng thermos.	Oo/Hindi
• Limitahan ang bilang ng mga naninigarilyo na pumapasok sa mga silid sa paninigarilyo, hilingin sa kanila na manigarilyo pagkatapos na mag-evaporate ang sanitizer ng kamay.	Oo/Hindi
• Isaalang-alang ang naaangkop na pagpapatakbo ng iba pang pangunahing mga pasilidad na ginagamit ng maraming tao upang maiiwasan ang "3C."	Oo/Hindi
• Iba pa: Mangyaring banggitin. _____	Oo/Hindi

Mga Item	Mangyaring Sagutin
<p>8) Pagtatapon ng basura</p> <ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 203 1318 286">• Ilagay at itapon ang basura na may sipon o laway sa isang plastic bag na mahigpit na tinalihan ng tali. Kasama sa naturang basura ang mga disposable cup, bote, lata, o PET na bote. <li data-bbox="161 286 1318 369">• Magsuot ng mga mask, guwantes at pamproteksyon ng mata kapag nangongolekta ng basura. Hilingin sa mga manggagawa na maghugas ng kamay gamit ang umaagos na tubig at sabon. <li data-bbox="161 369 1318 427">• Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	<p>Oo/Hindi</p> <p>Oo/Hindi</p> <p>Oo/Hindi</p>
<p>4 Pagsasaalang-alang sa mga manggagawa na nasa ilalim ng ilang mga sitwasyon</p>	
<ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 499 1318 600">• Hilingin sa lahat ng mga manggagawa na sumunod sa patakaran na hindi pinapayagang pumasok sa opisina ang mga manggagawang may mga sintomas na parang sinisipon, at pagkonsulta (telepono) sa anumang medikal na pasilidad o doktor sa kinauukulang lugar o malapit sa inyong lugar. 	<p>Oo/Hindi</p>
<ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 622 1318 819">• Gumawa ng mga kinakailangang pagsasaayos, batay sa kahilingang mula sa manggagawa at mga medikal na opinyon ng pang-industriyang doktor, para sa pag-iwas sa COVID-19 para sa mga may edad na manggagawa, mga manggagawa na may mga nananalaytay na kondisyon sa kalusugan (diabetes, pagpalya ng puso, malubhang sakit sa bato, hypertension, kanser, atbp) at mga manggagawa na may iba pang mas mataas na peligro para sa matinding karamdaman mula sa COVID-19, pati na rin ang mga buntis na manggagawa. Ang mga pagsasaayos na iyon ay maaaring kabilangan ng pagtatrabaho mula sa bahay o pagkakaroon ng may pleksibilidad na oras ng pagtatrabaho. 	<p>Oo/Hindi</p>
<ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 846 1318 943">• Ibigay ang mga kinakailangang paghihigpit sa pakikipag-ugnayan o pagpasok sa trabaho sa isang buntis na manggagawa, na isinasaalang-alang ang mga medikal na opinyon ng pang-industriyang doktor, para sa pag-iwas sa COVID-19 kapag hiniling niya ito gamit ang maternity-healthcare contact card batay sa payo ng doktor o komadrona. 	<p>Oo/Hindi</p>
<ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 969 1318 1093">• Kapag sinimulan ang teleworking, unawain na ang mga katangian ng pagtatrabaho sa bahay tulad ng posibleng paghahalo-halo ng trabaho at pang-araw-araw na buhay, at hindi pagkakaroon ng malapitang komunikasyon sa mga superbisitor o kasamahan sa trabaho. Maging handa para sa pagharap sa mga problema sa kanilang kalusugan sa pag-iisip, kawalan ng ehersisyo, o hindi regular na ritmo ng pagtulog. 	<p>Oo/Hindi</p>
<ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 1115 1318 1149">• Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	<p>Oo/Hindi</p>
<p>5 Kapag nahawahan ang isang manggagawa sa COVID-19 kasama na ang mga taong may malapit na kontak sa kanya</p>	
<p>1) Malinaw na pagbabawal sa hindi magandang pagtrato o diskriminasyon sa mga nahawahan ng COVID-19</p>	
<ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 1283 1318 1384">• Ang mga patakaran na nagbabawal sa anumang hindi kanais-nais na pagtrato tulad ng pagpapaalis o anumang uri ng diskriminasyon ay itinatag at ipinapaalam sa lahat ng mga manggagawa kung sakaling may isang manggagawa ay nasuring positibo o may posibleng malapitang kontak sa taong naging positibo sa COVID-19. 	<p>Oo/Hindi</p>
<p>2) Mga pagkilos na gagawin</p>	
<ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 1462 1318 1525">• Hilingin sa lahat ng mga manggagawa na magreport sa opisina sa pamamagitan ng telepono o mag-email sa sandaling ang isang manggagawa ay nasuri na positibo para sa COVID-19. 	<p>Oo/Hindi</p>
<ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 1552 1318 1630">• Hilingin sa lahat ng mga manggagawa na magreport sa pamamagitan ng telepono o mag-email sa sandaling ang isang manggagawa ay hinilingan ng mga lokal na awtoridad sa kalusugan na manatili sa bahay dahil sa posibleng malapitang kontak sa taong nagpositibo sa COVID-19. 	<p>Oo/Hindi</p>
<ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 1653 1318 1742">• Ipaalam sa lahat ng mga manggagawa ang taong lalapitan sa opisina na hinirang na taong kanilang lalapitan upang magreport ng posibleng kaso. Ang mga patakaran para sa pagprotekta ng naturang sensitibong impormasyon at ang sinasaklaw nito ay itinatag at ipinaparating sa lahat ng mga manggagawa. 	<p>Oo/Hindi</p>
<ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 1765 1318 1854">• Ang mga patakaran ng mga aksyon na dapat gawin ay itinatag at ipinapaalam sa lahat ng mga manggagawa kung sakaling may isang manggagawa na natagpuan na may posibleng malapitang kontak sa taong nagpositibo sa COVID-19. 	<p>Oo/Hindi</p>
<ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 1877 1318 1910">• Ang posibleng pagdidisimpekta ng lugar ng trabaho ay isinasaalang-alang kung sakali. 	<p>Oo/Hindi</p>
<ul style="list-style-type: none"> <li data-bbox="161 1933 1318 1966">• Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	<p>Oo/Hindi</p>

Mga Item	Mangyaring Sagutin						
3) Iba pang mga pagkilos na pang-iwas sa COVID-19 <table border="1" data-bbox="161 203 1316 562"> <tr> <td data-bbox="161 203 1316 338"> <ul style="list-style-type: none"> Magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga lokal na sentro ng kalusugan at mga Sentro para sa mga Mga Taong Bumalik sa Bansang Hapon at Mga Taong Nagkaroon ng Potensyal na Kontak sa Taong Positibo sa COVID-19 para sa mga taong nagkaroon ng malapitang kontak sa isang taong nagpositibo sa COVID-19. </td> <td data-bbox="1316 203 1520 338">Oo/Hindi</td> </tr> <tr> <td data-bbox="161 338 1316 506"> <ul style="list-style-type: none"> Ang klinika o pasilidad sa kalusugan sa loob ng kompanya ay handa para sa pagtanggap ng mga maysakit na manggagawa habang nagpoprotekta mula sa pagkalat ng COVID-19 sa opisina. Sinusunod ng medikal na kawani ang pamantayang pamamaraan sa pagprotekta, at ang naaangkop na pamamaraan sa pagprotekta ay sinimulan na, tulad ng pagsusuot ng mga mask ng mga pasyente, magkakahiwalay na silid-hintayan o pagpapanatili ng distansya sa mga pasyente. </td> <td data-bbox="1316 338 1520 506">Oo/Hindi</td> </tr> <tr> <td data-bbox="161 506 1316 562"> <ul style="list-style-type: none"> Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ </td> <td data-bbox="1316 506 1520 562">Oo/Hindi</td> </tr> </table>	<ul style="list-style-type: none"> Magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga lokal na sentro ng kalusugan at mga Sentro para sa mga Mga Taong Bumalik sa Bansang Hapon at Mga Taong Nagkaroon ng Potensyal na Kontak sa Taong Positibo sa COVID-19 para sa mga taong nagkaroon ng malapitang kontak sa isang taong nagpositibo sa COVID-19. 	Oo/Hindi	<ul style="list-style-type: none"> Ang klinika o pasilidad sa kalusugan sa loob ng kompanya ay handa para sa pagtanggap ng mga maysakit na manggagawa habang nagpoprotekta mula sa pagkalat ng COVID-19 sa opisina. Sinusunod ng medikal na kawani ang pamantayang pamamaraan sa pagprotekta, at ang naaangkop na pamamaraan sa pagprotekta ay sinimulan na, tulad ng pagsusuot ng mga mask ng mga pasyente, magkakahiwalay na silid-hintayan o pagpapanatili ng distansya sa mga pasyente. 	Oo/Hindi	<ul style="list-style-type: none"> Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	Oo/Hindi	
<ul style="list-style-type: none"> Magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga lokal na sentro ng kalusugan at mga Sentro para sa mga Mga Taong Bumalik sa Bansang Hapon at Mga Taong Nagkaroon ng Potensyal na Kontak sa Taong Positibo sa COVID-19 para sa mga taong nagkaroon ng malapitang kontak sa isang taong nagpositibo sa COVID-19. 	Oo/Hindi						
<ul style="list-style-type: none"> Ang klinika o pasilidad sa kalusugan sa loob ng kompanya ay handa para sa pagtanggap ng mga maysakit na manggagawa habang nagpoprotekta mula sa pagkalat ng COVID-19 sa opisina. Sinusunod ng medikal na kawani ang pamantayang pamamaraan sa pagprotekta, at ang naaangkop na pamamaraan sa pagprotekta ay sinimulan na, tulad ng pagsusuot ng mga mask ng mga pasyente, magkakahiwalay na silid-hintayan o pagpapanatili ng distansya sa mga pasyente. 	Oo/Hindi						
<ul style="list-style-type: none"> Iba pa: Mangyaring banggitin. _____ 	Oo/Hindi						
6 Pag-iwas sa heatstroke (※Kumpirmahin kung may trabahong gamit ang init o mainit na bagay, o mataas na posibilidad na pagkakaroon ng heatstroke) <table border="1" data-bbox="124 636 1316 922"> <tr> <td data-bbox="124 636 1316 730"> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga manggagawa na bawasan ang pisikal na pasanin sa trabaho pati na rin ang pagkakaroon ng madalas na pahinga upang mabawasan ang hindi kinakailangang paglikha ng init sa katawan. </td> <td data-bbox="1316 636 1520 730">Oo/Hindi</td> </tr> <tr> <td data-bbox="124 730 1316 842"> <ul style="list-style-type: none"> Hilingin sa mga manggagawa na uminom ng tubig at kumain ng asin bago sila makaramdam ng pagkauhaw. *Ang pagsusuot ng mask, ang mga manggagawa ay maaaring maging dahilan upang hindi sila makaramdam ng pagkauhaw. </td> <td data-bbox="1316 730 1520 842">Oo/Hindi</td> </tr> <tr> <td data-bbox="124 842 1316 922"> <ul style="list-style-type: none"> Payuhan ang mga manggagawa na tanggalin ang kanilang mask kapag nasa labas sila, na may distansya na hindi bababa sa dalawang metro sa ibang tao, at sa sitwasyong hindi kinakailangang magsalita ng malakas. </td> <td data-bbox="1316 842 1520 922">Oo/Hindi</td> </tr> </table>	<ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga manggagawa na bawasan ang pisikal na pasanin sa trabaho pati na rin ang pagkakaroon ng madalas na pahinga upang mabawasan ang hindi kinakailangang paglikha ng init sa katawan. 	Oo/Hindi	<ul style="list-style-type: none"> Hilingin sa mga manggagawa na uminom ng tubig at kumain ng asin bago sila makaramdam ng pagkauhaw. *Ang pagsusuot ng mask, ang mga manggagawa ay maaaring maging dahilan upang hindi sila makaramdam ng pagkauhaw. 	Oo/Hindi	<ul style="list-style-type: none"> Payuhan ang mga manggagawa na tanggalin ang kanilang mask kapag nasa labas sila, na may distansya na hindi bababa sa dalawang metro sa ibang tao, at sa sitwasyong hindi kinakailangang magsalita ng malakas. 	Oo/Hindi	
<ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga manggagawa na bawasan ang pisikal na pasanin sa trabaho pati na rin ang pagkakaroon ng madalas na pahinga upang mabawasan ang hindi kinakailangang paglikha ng init sa katawan. 	Oo/Hindi						
<ul style="list-style-type: none"> Hilingin sa mga manggagawa na uminom ng tubig at kumain ng asin bago sila makaramdam ng pagkauhaw. *Ang pagsusuot ng mask, ang mga manggagawa ay maaaring maging dahilan upang hindi sila makaramdam ng pagkauhaw. 	Oo/Hindi						
<ul style="list-style-type: none"> Payuhan ang mga manggagawa na tanggalin ang kanilang mask kapag nasa labas sila, na may distansya na hindi bababa sa dalawang metro sa ibang tao, at sa sitwasyong hindi kinakailangang magsalita ng malakas. 	Oo/Hindi						

* Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na Mga Opisina ng Paggawa o Opisina ng Mga Inspektor sa Pamantayan sa Paggawa.

Pansamantalang Pagsasalin

2022/12/8